

**Umiiral at binabalak na mga panukala
sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi**

**Tanggapan ng Punong Opisyal ng Impormasyon ng Pamahalaan
(Office of the Government Chief Information Officer)**

Ang Tanggapan ng Punong Opisyal ng Impormasyon ng Pamahalaan (OGCIO) ay nakatuon sa paggamit ng pagbabago at teknolohiya sa paghahatid ng ligtas at maginhawang mga serbisyong digital ng pamahalaan at pagpapabuti sa karanasan ng mga tagagamit. Ang OGCIO ay nagbibigay ng malaking kahalagahan sa pagtiyak ng pantay-pantay na paglapit sa mga serbisyo nito ng lahat ng mga miyembro ng publiko, anuman ang kanilang lahi. Kaugnay nito, ang mga sumusunod na mga panukala ay ipinatupad.

**Mga Serbisyong
May Kinalaman**

- Ang GovHK (www.gov.hk) ay nagbibigay ng platapormang nakatuon sa customer at madaling gamitin sa mga tagagamit mula sa iba't ibang sektor ng lipunan para sa impormasyon ng Pamahalaan at mga serbisyong online.
- Maaaring makuha ng mga miyembro ng publiko ang impormasyon tungkol sa OGCIO sa websayt ng OGCIO o sa email o pagtatanong sa telepono

**Umiiral na Mga
Panukala**

- Sa pamamagitan ng GovHK, ang mga taong magkakaibang lahi ay maaaring maidirekta sa mga pangkagawaran at tematikong mga websayt ng kawanihan at mga kagawaran (B/Ds) para sa impormasyon at serbisyong naisilbi para sa kanila.
- May inilabas na nakatalagang plataporma sa GovHK na nasa iba't ibang wika para sa mga taong magkakaibang lahi noong Disyembre 2010. Ang mga link sa mahahalagang impormasyon na ibinibigay ng iba't ibang mga B/D ay nasa kabuoang pitong wika (maliban sa Tsino at Ingles). Ang search function sa websayt ng bawat wika ay nagbibigay-daan sa mga tagagamit na magkakaibang lahi na mas madaling mahanap ang impormasyon.

- Sa kasalukuyan, ang 1823 ay nagbibigay ng serbisyong helpdesk para sa GovHK, at maaaring idirekta ang mga tawag at email mula sa mga taong magkakaibang lahi sa Sentro para sa Etniko Minorya (CHEER). Makikipag-usap ang CHEER sa mga tumatawag, at kung kinakailangan, iugnay sila sa mga kaukulang mga B/D para sa tulong.
- Ang impormasyon tungkol sa OGCIO ay parehong nasa Tsino at Ingles sa websayt ng OGCIO
- Mag-aayos ng serbisyong interpretasyon kung kinakailangan at naaangkop.

Pagtatasa ng
Gawain sa
Hinaharap

- Kami ay makikipagtulungan sa mga B/D para i-update ang mga hyperlink at impormasyong ibinigay sa plataporma na nasa iba't ibang wika at GovHK kapag at kung kinakailangan.
- Pana-panahong susuriin ng OGCIO ang mga umiiral na panukala at gagawa ng pagpapabuti kung naaangkop.

Mga
Karagdagang
Panukalang
Ipinatupad/
Ipatutupad

- Makikipagtulungan kami sa mga B/D sa pag-uugnay ng higit pang mga nilalaman na nauugnay sa mga taong magkakaibang lahi sa GovHK.
- Mag-aayos ng pagsasanay sa mga kawani upang mapahusay ang kanilang kamalayan sa, at pagiging sensitibo sa, pagkakapantay-pantay ng lahi.

Para sa mga katanungan tungkol sa mga umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnay sa Nakatataas na Opisyal sa Pamamahala (Administration)¹ sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan -

Telepono : 2592 4520
 Fax : 2802 4549
 Email : enquiry@ogcio.gov.hk
 Address sa Koreo : 15/F, Wanchai Tower, 12 Harbour Road, Wan Chai, Hong Kong

**Tanggapan ng Punong Opisyal ng Impormasyon ng Pamahalaan
Hunyo 2020**